ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# PAGPAPAHUSAY NG PAG-UNAWA SA PANITIKANG FILIPINO SA KAKAYAHANG PANGWIKA AT PAGLINANG NG KULTURANG FILIPINO

**Thea Aina Marie Macatangay Absena**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino sa Kakayahang Pangwika at Paglinang ng Kulturang Filipino. Nilalayon nito na masagot ang mga sumusunod na katanungan. Ang antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino batay sa Kakayahang Tukuyin ang Tema at Mensahe, Pagpapakahulugan sa Simbolismo, Pag-uugnay ng Akda sa Konteksto at Replektibong Pag-iisip. Sumunod ay ang antas ng Kakayahang Pangwika batay sa Wastong Gamit ng mga Salita, Kohesyon ng Ideya, Kayarian ng mga Salita, Pagbabaybay at Pagbuo ng Pangungusap. Ang antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa Pagkakaroon ng Interes, Pagbabahagi, Pagsasabuhay, Pagpapahalaga at Pagtanggap. Inalam din ng mananaliksik kung makabuluhang kaugnayan ba ang Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral. Sa huli, kung may makabuluhang kaugnayan ba ang Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral.*

*Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal upang malaman ang kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino sa Kakayang Pangwika at Paglinang ng Kulturang Filipino. Purposive sampling sa isandaan at dalawampung (120) na mag-aaral bilang mga respondente. Ang mga datos ay sinuri gamit ang weighted mean, standard deviation, at Pearson Product Moment Correlation Coefficient upang matukoy ang antas at ugnayan ng mga baryabol sa pag-aaral.*

*Batay sa resulta ng pag-aaral, ang antas ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ay nakakuha ng tugon na lubos na katanggap-tanggap. Sumunod dito ay Kakayahang Pangwika na nagtamo ng tugon na lubos na katanggap-tanggap. Nakakuha rin ang paglinang ng kulturang Filipino ng lubos na katanggap-tanggap. Lumabas na may makabuluhang kaugnayan ang Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino sa Kakayahang Pangwika at Paglinang ng Kulturang Filipino.*

*May Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino sa Kakayahang Pangwika at Paglinang ng Kulturang Filipino, ang mga haypoteses ay hindi tinatanggap. Ito ay nangangahulugan na ang mga akdang pampanitikan ay nakatutulong sa mas malinaw, wasto at epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat.*

*Ang paghimok sa mga mag-aaral na maging aktibo sa paglahok sa mga gawaing pampanitikan tulad ng pagbabasa, pagsusuri at pagbabahagi upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa panitikan, mapahusay ang paggamit ng wikang Filipino, at maisabuhay ang mga pagpapahalagang kultural. Gayundin, maaaring gamitin ng mga susunod na mananaliksik ang kaugnay na pag-aaral na tumutukoy sa iba pang estratehiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino o sa iba't ibang antas ng edukasyon.*

**SUSING SALITA***: Panitikan, Kakayahang Pangwika, Paglinang, Pampanitikan, Pagbabaybay*

## 1. PANIMULA

Sa panahon ng teknolohiya, mahalagang maging mas malikhain ang edukasyon sa pagpapalakas ng pagtuturo at pagkatuto, hindi lang para sa mga Pilipino. Ang kasaysayan ng pagtuturo ng Wika at Panitikan ng Filipino sa Pilipinas ay kumakatawan sa mahabang at makapangyarihang pagsisikap ng bansang ito na mapanatili ang magandang kalooban nito. Sa panahon ng kolonisasyon ng Espanya, ang edukasyon sa Pilipinas ay naging isang digmaan tungkol sa wika at kultura. Sa kabila nito, patuloy na umusbong ang panitikan bilang sandigan ng identidad at pagkakakilanlan ng mga Pilipino.

Sa pag-aaral ni Del Rosario at Compas (2025), nagbago ang paraan ng pagpapakilala sa panitikan sa mga pormal na institusyon ng pag-aaral sa paglipas ng panahon. Ginamit ang Ingles bilang wika ng pagtuturo noong Panahon ng Amerikano, at ang Panitikang Filipino ay itinuro lamang sa anyo ng mga kursong sekundaryo. Noong unang bahagi ng ika-20 siglo, pagkatapos ng Batas Republika 1425 o Rizal Law noong 1956, lahat ng magtatapos na estudyante sa lahat ng paaralan ay kinakailangang dumaan sa isang kurso na may kinalaman sa kanyang buhay, mga gawain, at mga isinulat.

Ang Panitikang Filipino ay kabuuan ng mga akdang pampanitikan na isinulat ng mga Pilipino sa iba't ibang wika ng bansa, mula sa sinaunang oral na tradisyon hanggang sa modernong anyo ng panulat. Ito ay nagsisilbing salamin ng kasaysayan, kultura, at karanasan ng sambayanan. Ang kakayahang pangwika ay tumutukoy sa kabuuang kasanayan ng isang tao sa paggamit ng wika nang tama, epektibo, at angkop sa iba't ibang sitwasyon ng komunikasyon. Hindi lamang ito nakatuon sa gramatika, kundi pati sa kakayahang makipag-ugnayan batay sa konteksto, kultura, at layunin ng pakikipag-usap. Ang Panitikang Filipino at Kakayahang Pangwika ay magkaugnay na larangan na parehong mahalaga sa paghubog ng identidad, kultura, at komunikasyon ng mga Pilipino.

Ang pag-unlad ng Kulturang Filipino ay kritikal sa konteksto ng globalisasyon. Sa pagtuturo ng Panitikang Filipino, naipapasa ang mga mahahalaga sa mga susunod na henerasyon. Ayon sa pag-aaral, nahirapan ang ilang estudyante sa pagsusulit sa Filipino. Kinakailangan ang mas mahusay na teknik sa pagtuturo upang malampasan ang mga balakid na ito. Nilalayon ng pananaliksik na ito na makapag-ambag sa pagpapaunlad ng mas epektibong mga pamamaraan sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

pagtuturo ng panitikan sa paraang hindi lamang magpapahusay sa pag-unawa ng mga estudyante kapag nagbabasa ng mga tekstong literaryo, kundi pati na rin ang kanilang kasanayan sa wika at kamalayan sa kultura. (Rosales, 2023).

Ang kahalagahan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino, ang mga mag-aaral ay matututo sa gabay ng mga guro na maiuugnay sa totoong buhay. Angkop na gamitin ang kagamitan na ito lalo't higit sa mga mag-aaral na nasa Ikawalong baitang ng San Juan National High School.

Pinili ng mananaliksik ang pag-aaral na ito upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong upang magkaroon ng kasanayan ang bawat mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong upang magkaroon ng kasanayan ang bawat mag-aaral. Layunin din nito na gisingin ang interes ng mga kabataan sa ating sariling kultura at kasaysayan na nakapaloob sa mga akdang pampanitikan. Sa pamamagitan ng mga makabagong estratehiya, mas mapapadali ang pag-intindi sa mga malalim na konsepto at mas mapapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Inaasahan na ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay magsisilbing tulay upang ang asignaturang Filipino ay hindi lamang basta kabisaduhin, kundi tunay na isapuso at magamit sa pakikipagtalastasan sa araw-araw.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay mag-ambag sa mas mabuting pag-unawa sa Panitikang Filipino sa Kakayahang Pangwika at paglinang ng Kulturang Filipino. Ang artikulong ito ay naglalayong tugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino batay sa:
   1.1 Kakayahang Tukuyin ang Tema at Mensahe;
   1.2 Pagpapakahulugan sa Simbolismo;
   1.3 Pag-uugnay ng Akda sa Konteksto; at
   1.4 Replektibong Pag-iisip?
2. Ano ang antas ng Kakayahang Pangwika batay sa:
   2.1 Wastong Gamit ng mga Salita;
   2.2 Kohesyon ng Ideya;
   2.3 Kayarian ng mga Salita;
   2.4 Pagbabaybay; at
   2.5 Pagbuo ng Pangungusap?
3. Ano ang antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa:
   3.1. Pagkakaroon ng Interes;
   3.2. Pagbabahagi;
   3.3. Pagsasabuhay;
   3.4. Pagpapahalaga; at
   3.5. Pagtanggap?
4. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal upang malaman ang kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino sa Kakayang Pangwika at Paglinang ng Kulturang Filipino. Purposive sampling sa isandaan at dalawampung (120) na mag-aaral bilang mga respondente. Ang mga datos ay sinuri gamit ang weighted mean, standard deviation, at Pearson Product Moment Correlation Coefficient upang matukoy ang antas at ugnayan ng mga baryabol sa pag-aaral.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos na nakalap mula sa mga respondente at ang pagsusuri sa mga ito batay sa mga layunin ng pag-aaral. Ipinapakita rin dito ang interpretasyon ng mga resulta kaugnay ng antas ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino, kakayahang pangwika, at paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral.

**Antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral**

Inilalahad sa bahaging ito ang antas ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa iba't ibang salik, kabilang ang kakayahang tukuyin ang tema at mensahe, pagpapakahulugan sa simbolismo, pag-uugnay ng akda sa konteksto, at replektibong pag-iisip. Ang mga datos ay iniharap sa pamamagitan ng mga talahanayan upang maipakita ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa bawat salik at matukoy ang kabuuang kalagayan ng kanilang pagkatuto sa panitikan.

Ipinapakita sa Talahanayan 1 sa ibaba ang antas ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa kakayahang tukuyin ang tema at mensahe. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.69 at standard deviation na 0.46, makikita na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aspetong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pagtukoy at pag-unawa sa tema at mensahe ng mga akdang pampanitikan na kanilang binabasa. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay hindi lamang basta nagbabasa, kundi aktibong naiuugnay ang mga aral ng panitikan sa kanilang sariling karanasan at sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.**
***Antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Kakayahang Tukuyin ang Tema at Mensahe***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang pangunahing tema ng mga kwentong Filipino na binabasa.* | 4.67 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakapag-iisip ng mga halimbawa mula sa tunay na buhay na nauugnay sa tema.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikita ang kaugnayan ng tema ng akda sa kasalukuyang panahon.* | 4.59 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang kahalagahan ng tema sa kultura.* | 4.77 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng mga sitwasyon na angkop sa paksang tinalakay.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.69 | | |
| *SD* | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naipaliliwanag ang kahalagahan ng tema sa kultura" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.77. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang ugnayan ng tema ng akda sa kulturang Filipino at nauunawaan nila ang halaga nito sa pagpapalalim ng kamalayang kultural. Samantala, ang "Nakikita ang kaugnayan ng tema ng akda sa kasalukuyang panahon" ang may pinakamababang mean na 4.59. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na mas may kahirapan ang ilang mag-aaral sa pag-uugnay ng tema ng akda sa mga kontemporaryong isyu kumpara sa iba pang kasanayan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na matibay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng tema at mensahe ng Panitikang Filipino, lalo na sa pag-unawa sa kahalagahan nito sa kultura. Gayunpaman, may pagkakaiba sa antas ng pagganap sa bawat pahayag na nagpapakita na hindi pantay ang lalim ng pag-unawa sa iba't ibang aspekto ng tema. Ipinapakita nito ang pangangailangan ng patuloy na pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-uugnay ng mga akdang pampanitikan sa mga sitwasyon at karanasan sa kasalukuyang panahon upang higit na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa panitikan.

**Talahanayan 2.**
***Antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pagpapakahulugan sa Simbolismo***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang pagkakaiba ng literal at simboliko na kahulugan sa mga akda.* | 4.61 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang mga simbolong kumakatawan sa kultura at tradisyon.* | 4.73 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalalim ang mga kahulugan ng mga bagay na binabanggit sa kwento.* | 4.64 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag kung bakit ginagamit ng may-akda ang mga simbolong ito.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng sariling akda na gumagamit ng mga simbolo upang maipahayag ang mensahe.* | 4.66 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.67 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagpapakahulugan sa simbolismo. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.47, makikita na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aspetong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mga simbolong matatagpuan sa mga akdang pampanitikan.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakikilala ang mga simbolong kumakatawan sa kultura at tradisyon" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.73. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang ugnayan ng mga simbolo sa kulturang Filipino at nauunawaan nila ang papel ng mga ito sa pagpapahayag ng mga ideya at pagpapahalaga sa akda. Samantala, ang "Natutukoy ang pagkakaiba ng literal at simboliko na kahulugan sa mga akda" ang may pinakamababang mean na 4.61. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may ilang mag-aaral na mas nahihirapan sa malinaw na pagtukoy ng kaibahan ng literal at simbolikong kahulugan kumpara sa iba pang kasanayan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan sa simbolismo ng Panitikang Filipino. Gayunpaman, makikita ang pagkakaiba sa antas ng pagganap sa bawat pahayag na nagpapakita na hindi pare-pareho ang lalim ng pag-unawa sa lahat ng aspekto ng simbolismo. Ipinakikita nito ang kahalagahan ng patuloy na paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang ugnayan ng literal at simbolikong kahulugan upang higit na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3.**
***Antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pag-uugnay ng Akda sa Konteksto***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang kaugnayan ng kwento sa kasaysayan ng Pilipinas.* | 4.73 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga pangyayari sa kwento sa mga karanasan ng aming komunidad.* | 4.71 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikita kung paano nakaaapekto ang panahon ng pagsulat sa nilalaman ng akda.* | 4.65 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng kritikal na opinyon kung paano tinalakay ng may akda ang social issues sa teksto.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng maikling representasyon ukol sa inilalarawan sa akda.* | 4.63 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.68 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pag-uugnay ng akda sa konteksto. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.68 at standard deviation na 0.47, makikita na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pag-uugnay ng mga akdang pampanitikan sa iba't ibang kontekstong panlipunan, pangkasaysayan, at pangkomunidad.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nauunawaan ang kaugnayan ng kwento sa kasaysayan ng Pilipinas" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.73. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang koneksyon ng mga akda sa mahahalagang pangyayari at karanasan sa kasaysayan ng bansa. Samantala, ang "Nakalilikha ng maikling representasyon ukol sa inilalarawan sa akda" ang may pinakamababang mean na 4.63. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na mas may hamon para sa ilang mag-aaral ang pagsasalin ng kanilang pag-unawa sa malikhaing representasyon kumpara sa iba pang kasanayan sa pag-uugnay ng konteksto.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-uugnay ng akdang pampanitikan sa iba't ibang konteksto. Gayunpaman, makikita ang pagkakaiba sa antas ng pagganap sa bawat pahayag na nagpapakita na mas nangingibabaw ang pag-unawa sa aspektong pangkasaysayan kaysa sa malikhaing pagpapahayag. Ipinapakita nito na mahalaga ang patuloy na pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang pag-unawa sa akda sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng representasyon upang higit na mapalalim ang kanilang pagkatuto sa panitikan.

**Talahanayan 4.**
***Antas ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Replektibong Pag-iisip***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapag-iisip tungkol sa mga aral na natutuhan mula sa mga kwentong binasa.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga natutuhan sa panitikan sa araw-araw na buhay.* | 4.67 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapag-aanalisa ng mga desisyon at aksyon ng mga tauhan sa kwento.* | 4.66 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung epektibo ang mga ginawang aksyon ng mga tauhan sa pagresolba ng suliranin.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng sariling interpretasyon at opinyon tungkol sa mga akdang binasa.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.70 | | |
| *SD* | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa replektibong pag-iisip. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.70 at standard deviation na 0.46, makikita na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aspetong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral na magmuni-muni at mag-isip nang mas malalim hinggil sa mga akdang pampanitikan na kanilang binabasa.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakapag-iisip tungkol sa mga aral na natutuhan mula sa mga kwentong binasa" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.80. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang mga aral at pagpapahalagang nakapaloob sa mga akdang pampanitikan at nagagawa nilang pagnilayan ang mga ito. Samantala, ang "Nakapag-aanalisa ng mga desisyon at aksyon ng mga tauhan sa kwento" ang may pinakamababang mean na 4.66. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may ilang mag-aaral na mas nahihirapan sa mas masusing pagsusuri ng mga kilos at pagpapasya ng mga tauhan kumpara sa iba pang aspeto ng replektibong pag-iisip.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na matatag ang kakayahan ng mga mag-aaral sa replektibong pag-iisip kaugnay ng Panitikang Filipino. Gayunpaman, makikita ang kaibahan sa antas ng bawat kasanayan na nagpapakita na mas nangingibabaw ang pagninilay sa mga aral kaysa sa mas malalim na pagsusuri ng mga tauhan at kanilang mga aksyon. Ipinapakita nito ang pangangailangan na patuloy na paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mas masusing pag-aanalisa upang higit na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

**Antas ng Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral**

Inilalahad sa bahaging ito ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral batay sa iba't ibang salik, kabilang ang wastong gamit ng mga salita, kohesyon ng ideya, kayarian ng mga salita, pagbabaybay, at pagbuo ng pangungusap. Ipinapakita sa mga sumusunod na talahanayan ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pasalita at pasulat na komunikasyon upang matukoy ang kabuuang kalagayan ng kanilang kakayahang pangwika.

**Talahanayan 5.**
***Antas ng Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral Batay sa Wastong Gamit ng mga Salita***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang Filipino na ginagamit.* | 4.67 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga angkop na mga salita sa iba't ibang sitwasyon.* | 4.71 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauunawaan ang pagkakaiba ng pormal at impormal na wika.* | 4.83 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng sariling opinyon o mungkahi sa pagpapabuti ng paggamit ng salita sa sulatin.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng sariling pangungusap gamit ang tamang salita sa akmang konteksto.* | 4.76 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.73 | | |
| *SD* | 0.44 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang antas ng kakayahang pangwika ng
mga mag-aaral batay sa wastong gamit ng mga salita. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.73 at standard deviation na 0.44, makikita na ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa aspetong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may mataas na antas ng kaalaman at kasanayan ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng mga salitang Filipino sa iba't ibang sitwasyon.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nauunawaan ang pagkakaiba ng pormal at impormal na wika" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.83. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang angkop na paggamit ng wika batay sa konteksto at sitwasyon ng komunikasyon. Samantala, ang "Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang Filipino na ginagamit" ang may pinakamababang mean na 4.67. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na may kaunting pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa sa kahulugan ng ilang salita kumpara sa iba pang aspeto ng wastong paggamit ng wika.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na matatag ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral pagdating sa wastong gamit ng mga salita. Gayunpaman, makikita ang pagkakaiba sa antas ng bawat pahayag na nagpapakita na mas nangingibabaw ang pag-unawa sa pormal at impormal na wika kaysa sa masusing pag-unawa sa kahulugan ng mga salita. Ipinapakita nito na bagama't mataas ang kabuuang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral, mahalaga ang patuloy na pagpapalalim ng kaalaman sa bokabularyo upang mapanatili ang balanseng pag-unlad sa paggamit ng wikang Filipino.

**Talahanayan 6.**
***Antas ng Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral Batay sa Kohesyon ng Ideya***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiuugnay ang mga ideya sa mga isinusulat.* | 4.73 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga transisyon na salita upang magkadugtong ang mga pangungusap.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-linaw ang daloy ng mga ideya kapag nagsasalita o nagsusulat.* | 4.63 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapasiya ng pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa teksto ng malinaw at epektibo.* | 4.71 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng logical sequence sa pagpapahayag ng mga kaisipan.* | 4.48 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.64 | | |
| *SD* | 0.49 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral batay sa kohesyon ng ideya. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.64 at standard deviation na 0.49, makikita na ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may kakayahan ang mga mag-aaral na maayos na maiugnay at maipahayag ang kanilang mga ideya sa pasalita at pasulat na anyo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naiuugnay ang mga ideya sa mga isinusulat" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.73. Ibig sabihin nito, nagagawa ng karamihan sa mga mag-aaral na magpakita ng ugnayan ng mga ideya sa kanilang mga isinulat. Samantala, ang "Nakabubuo ng logical sequence sa pagpapahayag ng mga kaisipan" ang may pinakamababang mean na 4.48. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na mas may hamon para sa ilang mag-aaral ang pagpapanatili ng lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya kumpara sa iba pang aspeto ng kohesyon.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa kohesyon ng ideya bilang bahagi ng kanilang kakayahang pangwika. Gayunpaman, makikita ang pagkakaiba sa antas ng bawat kasanayan na nagpapakita na mas nangingibabaw ang kakayahan sa pag-uugnay ng mga ideya kaysa sa mas masusing pagsasaayos ng lohikal na daloy ng mga kaisipan. Ipinapakita nito na mahalagang mapanatili ang balanseng paglinang ng kohesyon upang maging mas malinaw at organisado ang pagpapahayag ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

**Talahanayan 7.**
***Antas ng Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral Batay sa Kayarian ng mga Salita***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang ugat at panlapi ng mga salitang maylapi.* | 4.53 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagamit ng iba't ibang uri ng panlapi sa pagsulat.* | 4.56 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang pagbabago ng kahulugan ng salita kapag idinagdag ang iba't ibang unlapi, gitlapi at hulapi.* | 4.63 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapasiya kung ang paggamit ng isang salita ay tama at angkop sa konteksto ng pangungusap.* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng mga salita gamit ang mga unlapi, gitlapi, at hulapi.* | 4.64 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.61 | | |
| *SD* | 0.50 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral batay sa kayarian ng mga salita. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.61 at standard deviation na 0.50, makikita na ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may sapat at mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pag-unawa at paggamit ng kayarian ng mga salita sa wikang Filipino.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakapagpapasiya kung ang paggamit ng isang salita ay tama at angkop sa konteksto ng pangungusap" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.70. Ibig sabihin nito, nagagawa ng karamihan sa mga mag-aaral na suriin ang angkop na paggamit ng salita batay sa konteksto ng pangungusap. Samantala, ang "Natutukoy ang ugat at panlapi ng mga salitang maylapi" ang may pinakamababang mean na 4.53. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na mas may kahirapan ang ilang mag-aaral sa mas teknikal na aspeto ng pagsusuri ng mga bahagi ng salita kumpara sa iba pang kasanayan sa kayarian.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na matatag ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa kayarian ng mga salita. Gayunpaman, makikita ang pagkakaiba sa antas ng bawat pahayag na nagpapakita na mas nangingibabaw ang kakayahan sa angkop na paggamit ng salita sa pangungusap kaysa sa masusing pagtukoy ng ugat at panlapi. Ipinapakita nito na mahalaga ang patuloy na pagpapatibay sa pag-aaral ng morpolohiya upang mapanatili ang balanseng pag-unlad ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 7 sa ibaba ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral batay sa pagbabaybay. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.65 at standard deviation na 0.48, makikita na ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay ng mga salitang Filipino sa iba't ibang anyo ng sulatin.

**Talahanayan 8.**
**Antas ng Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral Batay sa Pagbabaybay**

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nasusunod ang mga alituntunin sa ortograpiya ng wikang Filipino.* | 4.58 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang pagbabaybay ng mga salitang Filipino sa mga sulatin.* | 4.73 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang pagkakaiba ng tama at maling pagbabaybay ng mga salita sa konteksto ng pangungusap.* | 4.65 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng sulatin na sumusunod sa tamang alituntunin ng ortograpiya ng Wikang Filipino.* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagsasaliksik kung hindi sigurado sa tamang pagbabaybay ng salita.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.65 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nagagamit ang pagbabaybay ng mga salitang Filipino sa mga sulatin" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.73. Ibig sabihin nito, nagagawa ng karamihan sa mga mag-aaral na mailapat ang tamang pagbabaybay sa kanilang mga isinulat. Samantala, ang "Nasusunod ang mga alituntunin sa ortograpiya ng wikang Filipino" ang may pinakamababang mean na 4.58. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na may ilang mag-aaral na mas nahihirapan sa ganap na pagsunod sa mga pormal na alituntunin ng ortograpiya kumpara sa aktwal na paggamit ng pagbabaybay sa sulatin.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na matatag ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa pagbabaybay. Gayunpaman, makikita ang kaibahan sa antas ng bawat pahayag na nagpapakita na mas nangingibabaw ang aktuwal na paggamit ng tamang pagbabaybay kaysa sa ganap na kaalaman sa mga pormal na tuntunin ng ortograpiya. Ipinapakita nito na mahalaga ang patuloy na pagpapalalim ng kaalaman sa mga alituntunin ng pagbabaybay upang mapanatili ang wastong paggamit ng wikang Filipino sa pasulat na komunikasyon.

**Talahanayan 9.**

*Antas ng Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral Batay sa Pagbuo ng Pangungusap*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naisasaayos ang mga salita sa pangungusap.* | 4.76 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng mga pangungusap na kumpleto ang diwa.* | 4.61 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng complex sentences na malinaw ang kahulugan.* | 4.56 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasisiyasat ang iba't ibang uri ng pangungusap nang wasto at naaayon sa layunin.* | 4.68 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng tamang grammar ng mga pangungusap sa pagsulat at pagsasalita.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.66 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral batay sa pagbuo ng pangungusap. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.66 at standard deviation na 0.48, makikita na ang antas ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng malinaw at makabuluhang mga pangungusap sa wikang Filipino.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naisasaayos ang mga salita sa pangungusap" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.76. Ibig sabihin nito, nagagawa ng karamihan sa mga mag-aaral na maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga salita sa pangungusap. Samantala, ang "Nakagagawa ng complex sentences na malinaw ang kahulugan" ang may pinakamababang mean na 4.56. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na mas may hamon para sa ilang mag-aaral ang pagbuo ng mas masalimuot na pangungusap kumpara sa mga payak na istruktura.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na matatag ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap. Gayunpaman, makikita ang pagkakaiba sa antas ng bawat kasanayan na nagpapakita na mas nangingibabaw ang kakayahan sa pagsasaayos ng mga salita kaysa sa pagbuo ng mas komplikadong estruktura ng pangungusap. Ipinapakita nito na mahalagang mapanatili ang balanseng paglinang ng kakayahang pangwika upang mas mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mas masusing pagpapahayag sa wikang Filipino.

**Antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral**

Inilalahad sa bahaging ito ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa iba't ibang salik, kabilang ang pagkakaroon ng interes, pagbabahagi, pagsasabuhay, pagpapahalaga, at pagtanggap. Ipinapakita sa mga sumusunod na talahanayan ang lawak ng kaalaman, saloobin, at gawain ng mga mag-aaral kaugnay ng kulturang Filipino upang matukoy ang kabuuang antas ng kanilang kamalayang kultural at pakikilahok sa pagpapanatili at pagpapahalaga sa kultura.

**Talahanayan 10.**

*Antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pagkakaroon ng Interes*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakakukuha ng bagong kaalaman tungkol sa kultura.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakilalahok sa mga gawaing pangkultura sa aming paaralan.* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ang paghanga sa mga sining at literatura ng mga ninuno.* | 4.75 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang paghanga sa mga sining at literatura ng mga ninuno.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng sariling proyekto, aktibidad, o paraan upang mapalawak ang interes sa isang paksa.* | 4.73 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.74 | | |
| *SD* | 0.44 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagkakaroon ng interes. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.74 at standard deviation na 0.44, makikita na ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay mataas ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pakikilahok sa mga gawaing may kaugnayan sa kulturang Filipino.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakakukuha ng bagong kaalaman tungkol sa kultura" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.85. Ibig sabihin nito, malinaw na may bukas na pag-iisip ang mga mag-aaral sa pagtanggap ng bagong kaalaman hinggil sa kulturang Filipino. Samantala, ang "Nakilalahok sa mga gawaing pangkultura sa aming paaralan" ang may pinakamababang mean na 4.62. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na may ilang mag-aaral na mas bihira ang aktuwal na pakikilahok sa mga gawaing pangkultura kumpara sa kanilang interes at pagpapahalaga sa kultura.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa kulturang Filipino. Gayunpaman, makikita ang kaibahan sa pagitan ng interes at aktuwal na pakikilahok sa mga gawaing pangkultura. Ipinapakita nito na bagama't may matibay na interes ang mga mag-aaral sa kultura, may mga salik pa rin na nakaaapekto sa kanilang ganap na partisipasyon sa mga gawaing pangkultura sa loob ng paaralan.

**Talahanayan 11.**
***Antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pagbabahagi***

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naibabahagi ang mga natutuhan tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas.* | 4.77 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagtuturo sa mga kaibigan ng mga Filipino games at laro* | 4.64 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagkukwento sa iba tungkol sa mga tradisyon ng aming pamilya.* | 4.63 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang mga magagandang aspeto ng kultura.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang social media para ipakita ang mga Filipino cultural practices.* | 4.65 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.67 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagbabahagi. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.47, makikita na ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may kakayahan at kahandaang magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang kaalaman at karanasan kaugnay ng kulturang Filipino.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naibabahagi ang mga natutuhan tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.77. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagbabahagi ng kaalaman sa kasaysayan bilang bahagi ng pagpapalaganap ng kulturang Filipino. Samantala, ang "Nakapagkukwento sa iba tungkol sa mga tradisyon ng aming pamilya" ang may pinakamababang mean na 4.63. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na may ilang mag-aaral na mas limitado ang pagbabahagi ng mga personal na tradisyon ng pamilya kumpara sa iba pang anyo ng pagbabahagi ng kultura.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na aktibo ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng mga aspekto ng kulturang Filipino. Gayunpaman, makikita ang kaibahan sa antas ng pagbabahagi sa bawat pahayag na nagpapakita na mas nangingibabaw ang pagbabahagi ng kaalamang pangkasaysayan kaysa sa personal at pampamilyang tradisyon. Ipinapakita nito na bagama't mataas ang antas ng pagbabahagi ng kultura, may mga bahagi pa ring hindi gaanong naibabahagi ng ilang mag-aaral.

**Talahanayan 12.**
***Antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsasabuhay***

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nasusunod ang mga magagandang gawi at tradisyon ng mga Pilipino.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasasali sa mga pista at selebrasyon sa komunidad.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasagawa ang bayanihan ispirit sa aming mga gawain.* | 4.54 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang "po" at "opo" kapag nakikipag-usap sa matatanda.* | 4.75 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakakain ng mga traditional Filipino foods at natututo kung paano ito lutuin.* | 4.73 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.68 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagsasabuhay. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.68 at standard deviation na 0.47, makikita na ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino sa aspektong ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay naisasabuhay ng mga mag-aaral ang iba't ibang gawi, kaugalian, at pagpapahalagang Pilipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang “Nagagamit ang ‘po’ at ‘opo’ kapag nakikipag-usap sa matatanda” ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.75. Ibig sabihin nito, malinaw na naipapakita ng mga mag-aaral ang paggalang bilang mahalagang bahagi ng kulturang Filipino. Samantala, ang “Naisasagawa ang bayanihan ispirit sa aming mga gawain” ang may pinakamababang mean na 4.54. Bagama’t nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na mas hindi palagian ang aktuwal na pagsasabuhay ng diwa ng bayanihan kumpara sa iba pang anyo ng pagsasabuhay ng kultura.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na aktibo ang mga mag-aaral sa pagsasabuhay ng kulturang Filipino. Gayunpaman, makikita ang kaibahan sa antas ng bawat pahayag na nagpapakita na mas lantad ang pagsasabuhay ng mga indibidwal na gawi tulad ng paggalang kaysa sa kolektibong gawain gaya ng bayanihan. Ipinapakita nito na bagama’t mataas ang antas ng pagsasabuhay ng kultura, may mga aspeto pa rin na hindi lubos na naisasagawa sa lahat ng pagkakataon.

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagpapahalaga. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.75 at standard deviation na 0.44, makikita na ang antas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang Filipino ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa iba’t ibang aspekto ng kulturang Filipino at pambansang identidad.

**Talahanayan 13.**
***Antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pagpapahalaga***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nabibigyang-respeto ang mga indigenous people at ang kanilang kultura.* | 4.86 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipagmamalaki na maging Pilipino at ipinakikita ito sa mga ginagawa.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang ang mga aspeto ng kultura at kasaysayan.* | 4.76 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang mga cultural artifacts at historical sites sa lugar.* | 4.71 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng sariling presentasyon, kuwento o sining na naglalarawan sa pagiging Pilipino.* | 4.70 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.75 | | |
| *SD* | 0.44 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang “Nabibigyang-respeto ang mga indigenous people at ang kanilang kultura” ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.86. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggalang sa iba’t ibang pangkat etniko bilang bahagi ng mas malawak na kulturang Filipino. Samantala, ang “Nakalilikha ng sariling presentasyon, kuwento o sining na naglalarawan sa pagiging Pilipino” ang may pinakamababang mean na 4.70. Bagama’t nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na mas may hamon para sa ilang mag-aaral ang malikhaing pagpapahayag ng kanilang pagpapahalaga sa pagiging Pilipino kumpara sa iba pang anyo ng pagpapahalaga.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na matibay ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang Filipino. Gayunpaman, makikita ang kaibahan sa antas ng bawat pahayag na nagpapakita na mas nangingibabaw ang paggalang at pagkilala sa kultura kaysa sa malikhaing pagpapahayag ng pagiging Pilipino. Ipinapakita nito na bagama’t mataas ang antas ng pagpapahalaga sa kultura, may mga aspeto pa ring nangangailangan ng higit na paglinang sa larangan ng malikhaing pagpapahayag.

Ipinapakita sa Talahanayan 14 ang antas ng paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagtanggap. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.70 at standard deviation na 0.46, makikita na ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kulturang Filipino ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin nito, sa pangkalahatan ay may bukas na pananaw ang mga mag-aaral sa pag-unawa at pagtanggap sa pagbabago ng kultura habang pinananatili ang mahahalagang tradisyon. Patunay ito na ang mga mag-aaral ay may sapat na kamalayan upang timbangin ang modernismo at ang pagpapanatili ng kanilang sariling pagkakakilanlan bilang Pilipino. Ang ganitong positibong saloobin ay nagpapahiwatig na handa silang makisabay sa agos ng panahon nang hindi isinasantabi ang kanilang pinagmulang yaman.

**Talahanayan 14.**
***Antas ng Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pagtanggap***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan na ang kultura ay patuloy na umaabot at nagbabago.* | 4.83 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatatanggap ng mga pagbabago sa kultura nang hindi nawawala ang tradisyon.* | 4.67 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang iba't ibang kultura habang pinapanatili ang sarili.* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang mga modernong interpretasyon ng mga tradisyon.* | 4.66 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikipagtulungan sa mga programa na naglalayong mag-preserve ng kultura.* | 4.64 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.70 | | |
| *SD* | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na katanggap-tanggap | | |

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nauunawaan na ang kultura ay patuloy na umaabot at nagbabago" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.83. Ibig sabihin nito, malinaw sa mga mag-aaral ang dinamikong katangian ng kultura at ang kakayahan nitong umangkop sa paglipas ng panahon. Samantala, ang "Nakikipagtulungan sa mga programa na naglalayong mag-preserve ng kultura" ang may pinakamababang mean na 4.64. Bagama't nananatili ito sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinapakita ng resulta na mas limitado ang aktuwal na pakikilahok ng ilang mag-aaral sa mga programang may layuning pangangalagaan ang kultura.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na positibo ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagbabago at pagkakaiba-iba ng kultura. Gayunpaman, makikita ang kaibahan sa pagitan ng pag-unawa sa pagbabago ng kultura at aktuwal na pakikilahok sa mga gawaing pangkultura. Ipinapakita nito na bagama't may mataas na antas ng pagtanggap ang mga mag-aaral, may mga salik pa rin na nakaaapekto sa kanilang aktibong pakikilahok sa mga programang naglalayong mapanatili ang kulturang Filipino.

**Makabuluhang Kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Kakayahang Pangwika ng mga mag-aaral ayon sa Wastong Gamit ng mga Salita, Kohesyon ng Ideya, Kayarian ng mga Salita, Pagbabaybay, at Pagbuo ng Pangungusap, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

**Talahanayan 15.**
***Makabuluhang Kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral***

| Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino | | Wastong Gamit ng mga Salita | Kohesyon ng Ideya | Kayarian ng mga Salita | Pagbabaybay | Pagbuo ng Pangungusap |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kakayahang Tukuyin ang Tema at Mensahe | Pearson Correlation | .446** | .248** | .269** | .399** | .329** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .006 | .003 | .000 | .000 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |
| Pagpapakahulugan sa Simbolismo | Pearson Correlation | .36** | .277** | .433** | .432** | .362** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .002 | .000 | .000 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |
| Pag-uugnay ng Akdas a Konteksto | Pearson Correlation | .373** | .336** | .349** | .406** | .433** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |
| Replektibong Pag-iisip | Pearson Correlation | .404** | .414** | .283** | .283** | .369** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .001 | .001 | .000 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |

Ipinapakita sa Talahanayan 15 sa ibaba ang ugnayan sa pagitan ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral batay sa wastong gamit ng mga salita, kohesyon ng ideya, kayarian ng mga salita, pagbabaybay, at pagbuo ng pangungusap. Ginamit ang Pearson product-moment correlation upang matukoy ang antas ng ugnayan ng mga baryabol.

Batay sa resulta, ang kakayahang tukuyin ang tema at mensahe ay may makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng aspekto ng kakayahang pangwika tulad ng wastong gamit ng mga salita (r = .446), kohesyon ng ideya (r = .248), kayarian ng mga salita (r = .269), pagbabaybay (r = .399), at pagbuo ng pangungusap (r = .329), sapagkat ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05. Ipinapahiwatig nito na habang mas nagiging mahusay ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng pangunahing ideya at mensahe ng akda, mas napauunlad din ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wika. Samakatuwid, may malinaw na ugnayan ang dalawang baryabol.

Ang pagpapakahulugan sa simbolismo ay nagpapakita rin ng makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng dimensyon ng kakayahang pangwika, gaya ng wastong gamit ng mga salita (r = .36), kohesyon ng ideya (r = .277), kayarian ng mga salita (r = .433), pagbabaybay (r = .432), at pagbuo ng pangungusap (r = .362). Dahil ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05, pinatutunayan nito na ang kakayahang magbigay-kahulugan sa mga simbolo sa panitikan ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa wika at sa mas maayos na paggamit nito. Kaya, may umiiral na makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol.

Ipinakikita ng datos na ang pag-uugnay ng akda sa konteksto ay may makabuluhang positibong ugnayan sa wastong gamit ng mga salita (r = .373), kohesyon ng ideya (r = .336), kayarian ng mga salita (r = .349), pagbabaybay (r = .406), at pagbuo ng pangungusap (r = .433), na may lahat ng p-value na mas mababa sa 0.05. Ibig sabihin, ang kakayahan ng mga mag-aaral na iugnay ang akda sa tunay na buhay o panlipunang konteksto ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa wika. Dahil dito, malinaw na may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol.

Ang replektibong pag-iisip ay nagpapakita rin ng makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng aspeto ng kakayahang pangwika, kabilang ang wastong gamit ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

salita (r = .404), kohesyon ng ideya (r = .414), kayarian ng mga salita (r = .283), pagbabaybay (r = .283), at pagbuo ng pangungusap (r = .369), dahil ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05. Ipinapahiwatig nito na ang kakayahan ng mga mag-aaral na magnilay at magbigay ng sariling pananaw tungkol sa akda ay may malaking ambag sa kanilang kasanayang pangwika. Samakatuwid, may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol.

Sa kabuuan, ang lahat ng indikador ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino kakayahang tukuyin ang tema at mensahe, pagpapakahulugan sa simbolismo, pag-uugnay ng akda sa konteksto, at replektibong pag-iisip ay nagpakita ng makabuluhang positibong ugnayan sa iba't ibang aspekto ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Dahil ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05, tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan, kasabay ding umuunlad ang kanilang kakayahang pangwika. Kaya, masasabi na sa pangkalahatan ay may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol.

**Makabuluhang Kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Paglinang ng Kulturang Filipino ayon sa Pagkakaroon ng Interes, Pagbabahagi, Pagsasabuhay, Pagpapahalaga, at Pagtanggap, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Ang bahaging ito ay naglalayong ipaliwanag at bigyang-kahulugan ang resulta ng pagsusuri tungkol sa makabuluhang kaugnayan ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino at paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral. Ginamit sa pag-aaral ang Pearson Product Moment Correlation Coefficient upang masukat ang antas ng ugnayan ng mga baryabol. Sinuri ang iba't ibang indikador ng pag-unawa sa panitikan tulad ng kakayahang tukuyin ang tema at mensahe, pagpapakahulugan sa simbolismo, pag-uugnay ng akda sa konteksto, at replektibong pag-iisip kaugnay ng mga salik ng paglinang ng kulturang Filipino na kinabibilangan ng interes, pagbabahagi, pagsasabuhay, pagpapahalaga, at pagtanggap.

**Talahanayan 16.**
***Makabuluhang Kaugnayan ng Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino at Paglinang ng Kulturang Filipino ng mga Mag-aaral***

| Pagpapahusay ng Pag-unawa sa Panitikang Filipino | | Pagkakaroon ng Interes | Pagbabahagi | Pagsasabuhay | Pagpapahalaga | Pagtanggap |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kakayahang Tukuyin ang Tema at Mensahe | Pearson Correlation | .446** | .248** | .269** | .399** | .329** |
| | Sig. (2-tailed) | .004 | .000 | .000 | .017 | .019 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |
| Pagpapakahulugan sa Simbolismo | Pearson Correlation | .409** | .333** | .299** | .254** | .302** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |
| Pag-uugnay ng Akdas a Konteksto | Pearson Correlation | .332** | .366** | .314** | .279** | .459** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 | .002 | .000 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |
| Replektibong Pag-iisip | Pearson Correlation | .396** | .436** | .357** | .312** | .265** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 | .000 | .003 |
| | N | 120 | 120 | 120 | 120 | 120 |

Batay sa resulta, ang kakayahang tukuyin ang tema at mensahe ay may makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng aspekto ng paglinang ng kulturang Filipino tulad ng pagkakaroon ng interes, pagbabahagi, pagsasabuhay, pagpapahalaga, at pagtanggap. Batay sa mga nakuhang p-value na mas mababa sa 0.05, malinaw na tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinahihiwatig nito na habang mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang pangunahing ideya at mensahe ng akda, mas nagiging bukas sila sa paglinang ng kanilang kamalayang kultural at pagpapahalaga sa kulturang Filipino. Samakatuwid, may makabuluhang ugnayan ang mga baryabol.

Ang pagpapakahulugan sa simbolismo ay nagpapakita rin ng makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng dimensyon ng paglinang ng kulturang Filipino gaya ng interes, pagbabahagi, pagsasabuhay, pagpapahalaga, at pagtanggap. Dahil ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05, pinatutunayan nito na ang kakayahang unawain ang mga simbolo at malalalim na kahulugan sa panitikan ay nakatutulong sa paghubog ng mas malalim na pag-unawa sa kultura. Ipinapakita rin nito na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng interpretasyon ay mas nagiging aktibo sa pakikilahok at pagpapahalaga sa kanilang kultura. Kaya, may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa datos, ang pag-uugnay ng akda sa konteksto ay may makabuluhang positibong ugnayan sa pagkakaroon ng interes, pagbabahagi, pagsasabuhay, pagpapahalaga, at pagtanggap sa kulturang Filipino. Dahil ang lahat ng significance values ay mas mababa sa 0.05, malinaw na may ugnayan ang dalawang baryabol. Ipinahihiwatig nito na ang kakayahan ng mga mag-aaral na iugnay ang akda sa kanilang sariling karanasan at sa lipunang kanilang ginagalawan ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa at pagtanggap sa kulturang Filipino. Dahil dito, may makabuluhang ugnayan ang mga baryabol.

Ang replektibong pag-iisip ay nagpapakita rin ng makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng aspekto ng paglinang ng kulturang Filipino kabilang ang interes, pagbabahagi, pagsasabuhay, pagpapahalaga, at pagtanggap. Batay sa mga p-value na mas mababa sa 0.05, tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinapakita nito na ang kakayahan ng mga mag-aaral na magnilay at magbigay ng sariling pananaw tungkol sa akda ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng kanilang kamalayang kultural. Samakatuwid, may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol.

Sa kabuuan, ang lahat ng indikador ng pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ay nagpakita ng makabuluhang positibong ugnayan sa iba't ibang aspekto ng paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral. Dahil ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05, tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan, kasabay ding napauunlad ang kanilang interes, pakikilahok, pagsasabuhay, pagpapahalaga, at pagtanggap sa kulturang Filipino. Kaya, masasabi na sa pangkalahatan ay may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol.

### 4. Konklusyon at Rekomendasyon

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan ng pag-aaral, humantong sa pagbuo ng mga sumusunod na konklusyon ang mananaliksik sa pagsasagawa nito.

1. Malinaw na may makabuluhang kaugnayan ang pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses na walang makabuluhang kaugnayan ay hindi tinatanggap. Ipinapakita nito na ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ay nakatutulong sa mas malinaw, wasto, at epektibong paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat.
2. Gayundin, napatunayan na may makabuluhang kaugnayan ang pagpapahusay ng pag-unawa sa Panitikang Filipino at paglinang ng kulturang Filipino ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses na walang makabuluhang kaugnayan ay hindi tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na ang panitikan ay may mahalagang papel sa paghubog ng kamalayang kultural, pagpapahalaga, at pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang Pilipino, na nagiging pundasyon ng mas matibay na pagkakakilanlang pambansa.

Rekomendasyon

Batay sa mga konklusyong nabuo mula sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na maging mas aktibo sa paglahok sa mga gawaing pampanitikan tulad ng pagbabasa, pagsusuri, at pagbabahagi ng sariling pananaw, upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa panitikan, mapahusay ang paggamit ng wikang Filipino, at maisabuhay ang mga pagpapahalagang kultural.
2. Inirerekomenda sa mga guro sa Filipino na maaaring patuloy na gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan na nagbibigay-diin sa malalim na pag-unawa sa akda, tulad ng masusing talakayan, replektibong gawain, pagpapakahulugan sa simbolismo, at pag-uugnay ng akda sa konteksto, upang higit na mapaunlad ang kakayahang pangwika at kamalayang kultural ng mga mag-aaral.
3. Inirerekomenda sa mga paaralan na maaaring gamitin ang resulta ng pag-aaral bilang batayan sa pagdidisenyo ng mga programang pangkurikulum at mga gawaing pampanitikan na nakatuon sa integrasyon ng panitikan, wika, at kultura, gayundin sa pagsasagawa ng mga seminar at pagsasanay para sa mga guro upang higit na mapabuti ang pagtuturo ng panitikang Filipino.
4. Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik ay maaaring magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral na tumutukoy sa iba pang estratehiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino o sa iba't ibang antas ng edukasyon, at gumamit ng mas malawak na saklaw ng respondente upang higit pang mapagtibay at mapalawak ang kaalaman hinggil sa ugnayan ng panitikan, kakayahang pangwika, at kulturang Filipino.

## SANGGUNIAN

*Del Rosario, K., & Compas, A. (2025). The social and personal influence of Rizal's life and works on university students: A framework for curriculum enhancement. Philippine E-Journals. Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=18976*

*Rosales, M. J. D., & Sarce, J. P. (2023). The Philippines literary classroom on teaching multicultural literature. Multicultural Education, 30(1–2), 9–15. ERIC. Retrieved from https://eric.ed.gov/?id=EJ1403104*